# GUIDE

# GABAY SA PAKIKIPAG-UGNAY SA KOMITE SA MAKABAGONG PANG-AALIPIN

**Gustong mapakinggan ng Komite sa Modernong Pang-aalipin ng Parlyamento ng New South Wales mula sa mga taong may karanasan sa modernong pang-aalipin.**

Itong dokumento ay isang gabay sa mga indibidwal na gustong makipag-usap sa komite upang maibahagi ang kanilang karanasan.

## Ano ang makabagong pang-aalipin?

Ang salitang makabagong pang-aalipin (modern slavery) ay sumasaklaw ng isang hanay ng mga krimen sa New South Wales, kasama ang pilit na pag-asawa, pilit na pagka-empleyo, pagka-alila, paninilbihang sekswal, pagbebenta ng tao (human trafficking), pagpapa-alipin bilang pambayad ng utang, mapanlinlang na pagkaka-empleyo, pagbebenta ng mga bahagi ng katawan at pagsasamantalang sekswal ng mga bata sa online.

## Tungkol sa Parlyamento at ang Komite

Ang Parlyamento ng New South Wales ay kumakatawan sa mga tao, gumagawa ng mga batas at nagsusuri sa mga ginagawa ng pamahalaan. Ang Komite sa Modernong Pang-aalipin ay isang komite sa parlyamento na kinabibilangan ng maraming miyembro ng Parlyamento mula sa mga partidong politikal na nasa gobyerno at wala sa gobyerno. Ang ginagampanan nitong papel ay gumawa ng mga rekomendasyon sa Pamahalaan ng NSW kung paano ito harapin at labanan ang makabagong pang-aalipin.

## Paano ako makakasali?

Maaari mong ibahagi ang inyong karanasan sa amin ng harapan. Kung gugustuhin mo ito, mag-email sa modern.slavery@parliament.nsw.gov.au

Mangyaring isulat ang inyong buong pangalan, kontak na numero at mga ilang mahahalagang bahagi ng inyong karanasan - o tawagan kami sa 02 9230 3081.

Kung mas ginugusto mo, maaari mong ibahagi ang inyong mga karanasan at kaisipan sa pamamagitan ng pagpadala sa amin ng isang maikling email o sulat. Tinatawag itong isang 'submission'. Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring tingnan ang aming gabay sa paggawa ng 'submission' .

## Maaari ba akong makisali na kompidensyal?

May mga mapagpipilian na maaaring magamit upang makisali nang kompidenyal.

Kung gusto mong makausap ang komite nang harapan, maaari mong gawin ito nang kompidensyal o sa publiko. Kung gusto mong sumulat sa komite, maaari naming itago ang inyong 'submission' na kompidensyal, na mailimbag ang mga bahagi o nang lubusan sa aming website.

Ang impormasyon na ibahagi sa publiko ay maililimbag sa webpage ng komite at maaaring isama sa ulat ng komite, at maaari ding mabasa online.

## Karagdagang impormasyon

**Tingnan ang website tungkol sa mga gustong malaman.**
**Kontakin ang mga kawani ng komite kung kailangan mo ng pagsasalin-wika.**


www.bit.ly/ms-committee

(02) 9230 3081

modern.slavery@parliament.nsw.gov.au

# GUIDE

# GABAY SA PAKIKIPAG-UGNAY SA KOMITE NG AKABAGONG PANG-AALIPIN

## Ano ang susunod na mangyari?

Kung nagpahayag ka ng interes na pakikipagpulong sa komite, kokontakin ka ng secretariat upang pag-usapan ang mga susunod na hakbang.

Kung gumawa ka ng isang ‘submission’, babasahin ito ng secretariat at tatawagan kayo upang mapag-usapan ang anumang mga bagay-bagay na kompidensyal. Ang secretariat ang siya nang magbibigay ng inyong submission sa komite.

## Ano ang makakamit ng komite?

Ang komite ay matututo mula sa mga karanasan ng mga tao upang makakagawa ng mga rekomendasyon sa Pamahalaan ng NSW kung paano mapalakas ang mga batas at patakaran sa makabagong pang-aalipin upang mapuksa at malabanan ang makabagong pang-aalipin sa hinaharap. Hindi kami mag-iimbestiga o magsusolba sa mga partikular na kaso.

## Mayroon bang makukuha na suporta?

Alam namin na ang pagsasalita tungkol sa makabagong pang-aalipin ay maaaring mahirap gawin ng ilang mga tao. May mga paraan kami na sumuporta sa mga taong gustong maglalahad sa amin. Maaari naming mapag-usapan ito sa iyo sa anumang oras.

## Sinu-sino ang mga nasa komite?

May walong miyembro ng parlyamento na kasali sa komite:

- Pinuno, Joe McGirr (Independent, Miyembro ng Legislative Assembly)
- Pangalawang Pangulo, Jenny Leong (The Greens, Miyembro ng Legislative Assembly)
- Tina Ayyad (Liberal Party, Miyembro ng Legislative Assembly)
- Robert Borsak (Shooters, Fishers and Farmers, Miyembro ng Legislative Council)
- Greg Donnelly (Australian Labor Party, Miyembro ng Legislative Council)
- Sarah Kaine (Australian Labor Party, Miyembro ng Legislative Council)
- Aileen MacDonald (Liberal Party, Miyembro ng Legislative Council)
- Lynda Voltz (Australian Labor Party, Miyembro ng Legislative Assembly)

## Ano ang secretariat?

Ang secretariat ang sumusuporta sa komite at maaaring sumagot sa mga katanungan mo. Maaari kaming makontak sa modern.slavery@parliament.nsw.gov.au o tumawag sa amin sa 02 9230 3081.

## Pag-uulat, tulong, at suporta

**Upang magsumbong tungkol sa makabagong pang-aalipin**

- **1800 FREEDOM: Tumawag sa 1800 FREEDOM (1800 3733366) o bumisita sa antislavery@dcj.nsw.gov.au para sa kompidensyal na pagsusumbong, suporta at tulong mula sa NSW Anti-slavery Commissioner.**
- **Sa isang emerhensya: tawagan ang Tatlong Sero (000) kung mayroon kang mga kadyat na pag-aalala sa inyong kaligtasan o sa kaligtasan ng ibang tao**

**Upang mag-ulat sa tagapagpatupag ng batas**

- **Pulisya ng New South Wales: tawagan ang 131 444**
- **Crimestoppers: tawagan ang 1800 333 000 o magsumbong sa online**
- **Australian Federal Police (AFP): tawagan ang 131 237 (131AFP) o pumunta sa website ng AFP sa www.afp.gov.au/report-crime**

**Ang mga ibang mapagkukunan at suporta na maaaring makuha ay nakalista sa webpage ng komitemmittee’s webpage.**